

Smallpox (Bulutong)



Ano ang smallpox?

Ang smallpox ay dating pandaigdigang sakit. Ngunit dahil sa bakuna, ito ay nawala sa buong mundo. Ngayon matatagpuan mo lamang ang smallpox sa mga espesyal na laboratoryo. Kung ninakaw ng mga terorista ang virus ng smallpox mula sa laboratoryo, maaari nilang gamitin ito upang magkasakit ang maraming tao.

Kung mayroong alerto sa smallpox:

- Makinig sa mga balita para sa mga tagubilin.
- Lumayo sa sinuman na maaaring may smallpox.
- Kung sa palagay mo ay nalantad ka sa smallpox, lumayo sa ibang mga tao.
- Tumawag sa iyong doktor o ospital.

Ang smallpox ba ay mapanganib?

Oo. Tatlo sa 10 na nagkaroon ng smallpox ay mamamatay. Karamihan sa mga tao ay nakakaligtas mula sa sakit na smallpox, ngunit sila ay magkakaroon ng mga peklat mula sa sakit. Maaari kang makakuha ng gamot upang bigyang ginhawa ang kirot ng smallpox at mahadlangan ang ibang mga impeksyon, ngunit walang gamot para sa smallpox. Ang pagbabakuna ang pinakamabisang paraan upang mahadlangan ang smallpox.

Handa ba ang mga opisyal na pangkalusugan para sa isang emerhensiya sa smallpox?

Oo. May sapat na bakuna para sa bawat isa sa Estados Unidos. Ang ilang manggagawa ng pangangalagang pangkalusugan ay nabakunahan, nabigyan ng training, at nakahanda na upang tumulong pigilan ang paglaganap ng smallpox sa inyong lugar.

Ang smallpox ba ay nakakahawa?

Oo. Ikaw ay maaaring magkaroon ng smallpox kung ikaw ay:

- Malapit sa isang tao na may smallpox, lalo na kung ang tao ay may lagnat, butlig-butlig, o pulang mga batik-batik sa dila at bibig, o
- Humawak sa isang bagay na may kontaminasyon ng smallpox, tulad ng lampin, kumot o mga kasuotan.

Ako ba ay dapat magpabakuna?

Ikaw ay dapat lamang magpabakuna kung may biglang paglitaw ng smallpox. Kung walang biglang paglitaw, hindi mo kailangang magpabakuna laban sa smallpox.

Paano kung sa palagay ko'y nalantad ako sa smallpox?



Tumawag kaagad sa iyong doktor o ospital. **At**, lumayo sa ibang tao, hanggang sinabi nila sa iyo kung ano ang dapat gawin.

Ano ang mga sintomas ng smallpox?

Sa loob ng 7–17 araw ng pagkaroon ng kontak sa isang tao na may smallpox, ikaw ay maaaring magkaroon ng:


- lagnat
- pagkahapo
- mga pananakit ng ulo at pananakit ng katawan
- pagsusuka

At saka, 2–4 araw pagkatapos makaramdam ng pananakit, ikaw ay magkakaroon ng butlig-butlig.

Ano ang anyo ng butlig-butlig?

Ito ay nagsisimula sa mga pulang batik-batik sa loob ng iyong bibig. Ito ay mabilis na kumakalat sa iyong mukha, at saka sa iyong mga braso, binti, kamay, at paa.

Ang butlig-butlig ay magiging mga bukol na napupuno ng nana at saka nagiging mga scab (langib). Ang mga scab ay matatanggal sa loob ng 3 linggo, at mag-iwan ng mga peklat.



Para sa karagdagang impormasyon...

Tumawag sa CDC para sa tulong sa Ingles:
800-CDC-INFO (800-232-4636)
888-232-6348 (TTY)

O bisitahin: www.cdc.gov/smallpox
www.dhs.ca.gov/epo